



1

Tatlong Wika

Mula sa Hong Kong ang daddy ko, at ang mommy ko ay mula sa Guangxi, China. Nakapagsasalita ako ng tatlong wika—Cantonese, Mandarin, at Ingles. Sa aking branch, nagsasalita kami ng Cantonese at Mandarin sa sacrament meeting, at nagsasanib kami ng isang branch na wikang Ingles ang gamit na salita para sa Primary.

Handang TUMULONG!

Sinisikap kong magningning ang aking ilaw o liwanag sa pamamagitan ng pagiging handang tumulong! Kung may kailangang gawin, handa ako!



Hi,
ako si
Aaron,
mula sa British
Columbia,
Canada.

Tumutulong para sa Hymnbook

Tuwing Linggo tinutulungan ko ang mga missionary sa pamimigay ng mga programa. Sinisiguro kong nakakakuha ng kopya ang lahat. Kung may taong walang hymnbook, sila'y binibigyan ko nito para makakanta sila.



2



4

Nagdarasal Kasama si Lolo

Alam ko na napakahalaga ng pagdarasal. Kapag kasama namin ng kapatid ko ang aming lolo at wala ang aming mga magulang, sinisiguro ko na palagi kaming nagdarasal.

PAANO KAYO MAGNINGNING?

- Tumulong sa pagsasalansan ng mga upuan sa Primary.
- Humanap ng isang tao sa simbahan na kailangan ng kaibigan.
- Pulutin ang basura.
- Siguraduhing may hymnbook ang lahat.
- Tulungan ang inyong pamilya na maalalang magdasal.

Magiging Missionary sa Hinaharap

Nasasabik akong magmisyon balang-araw. Sinabi ng titser ko sa Primary na makapagsisimula na kaming mag-apon ng pera ngayon. Kaya naman nag-iipon na ako ngayon sa alkan-siya ko para sa misyon.

3



5



Isinasagawa Ito

Kung minsan kami ay may mga aktibidad sa simbahan, at madalas akong magpaiwan para tumulong sa pagtatabi ng mga upuan at mesa. Kapag may programa ang Primary sa sacrament meeting, gustung-gusto kong binibigkas ang parte ko.

PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!

Paano magniningning ang iyong liwanag, gaya ng hiniling ni Jesus na gawin natin? I-email sa amin ang isang larawan ng iyong bituin lakip ang iyong kuwento, retrato, at pahintulot ng magulang sa liahona@ldschurch.org.

